

※Para sa bersyon ng Hapon,Intsik,Koreyano,Portuges at Pranses ng sulat na ito maaring bumisita sa aming website. 【Ang liham na ito ay hatid ng CLAIR】

Ating pong Tunghayan ang pagbabago ng Pamumuhay sa Fukushima,walong buwan ng nakakalipas mula ng trahedyang naganap at unti-unting ibinabalik at pinanatili ang kanilang pamumuhay.



Senaryo sa Fukushima



Ang kuha ng litrato sa mga Turista sa Surugajyo Castle(Lungsod ng Aizuwakamatsu 2011.10.29)

Ang Aizuwakamatsu ay may 3 hangang 3.5million turista ang dumadalaw sa isang taon.Ngunit ng maganap ang pagsabog ng planta ng Nukleyar ng nakaraang trahedyay ay nabawasan ito kahit na may layo ng 100kilometro mula sa planta. Ngunit sa nakaraang pagdiriwang ng Autumn Festival ay nagkaisa ang mga mamayan upang maibalik ang mga turista.



“Gochisousama Fukushima Mankitsu Fair” upang aliwin ang mamayan ng Fukushima(Lungsod ng Fukushima 2011.11.05)

Nagsimula sa Namie Yakisoba, Aizu Katsu-don,Kitakata Ramen atbp. Mga local na pagkain sa Fukushima,mga produktong pampasalubong na may 132 tindahan. At para madagdagan ang kasiyahan ng fair na ito. Nagpamalas sila ng iba't –ibang palabas upang mapasaya ang mga dadalo at maging isang memorableng pangyayari sa kanilang pagdalo.



Mga Bagong ani sa Lalawigan ng Fukushima(kuha noong 2011/11.16 sa Date City)

Lahat ng bigas na dumaaan sa pagsusuri noong nakaraang 12 ng Oktubre na sa mababang standard na (500becquerel/kilogram) na ibinigay ng Gobyerno. At sinimulan na ng mga tindahan ang pagtitinda nito.



Tinig mula sa Fukushima

Fushimi Yasumasa (Minami Soma City, Male)

Pagkaraan ng lindol,ako at ang aking asawa ay nasa bayan ng Sendai,hindi kami nakauwi hangang alas dose ng gabi. Nang ako ay gumising kinabukasan ako ay nagulat sa aking nakita na tambak na mga bagay na iniwan ng tsunami sa harapan ng aking tirahan.Kahit ako'y napilitang lumisan sa aking tirahan dahil ako'y nasa 30kilometro mula sa planta.Bumalik kami buwan ng Hulyo.Hindi na mapakinabangan ang mga taniman dahil sa tambak na bagay na inanod ng tsunami at ganoon na rin ang tubig alat na dumaloy sa taniman. Kalahati ng mga bata ay bumalik kahit na hindi pa mainam ang katayuan ngayon. Ang aking lang kahilingan ay manumablik ang dating Fukushima at maraming bumusita dito.

Nakata Hiromi (Aizu Wakamatsu City, babae)

Napakadali ng paglipas ng oras tulad ng isang palaso,walong buwan ng nakalipas ang unos na nangyari sa nakaraang lindol. Kahit ng kapanahunang iyon ay walang tubig, gasolina atbp. ay parang balik normal na na naman ang buhay. Simula ng mangyari ang trahedyang ito ay parang naging iba ang pakiramadam ko na tuwing papasok ang aking anak sa eskuwela ay di na kami magkikita o ang pakiramdam na hindi na rin kami magkikita ng aking asawa na nalipat ng trabaho sa ibang lugar.Nang makaraan ang ilang araw ako ay nagpadala ng mga prutas at bigas sa aking kaibigan at sila'y naligayahan ng walang pag-aatubili sa pagtanggap. Ang akin lang kahilingan ay ang kapayapaan sa ngayon.

Chintaka Kumalla (mula Sri Lanka, lalake Koriyama City)

Ang nakaraang lindol ay nagdulot nang paghihiwalay namin ng aking pamilya. Pagkatapos ng lindol tumigil ang aking mga mag-ina sa ibang bayan ng aking kaibigan at pakatapos ay umuwi sa Sri Lanka. Ang aking anak ay lumipat sa ibang paaralan sa Amerika. Sikat ang hapon sa lahat ng teknolohiya. Inaasahan ko na magawan ng paraan ng mga professional sa teknolohiya ang pagtanggap ng radio active na material sa lalong madaling panahon. ako ay nag-aalala sa mga bata dahil sila ang pangunahing haligi ng nasyon ito sa darating na panahon. Kung hindi pa sila kikilos ngayon, hindi na nila kakayanin ito. Simula pa lang noon ako'y nag-aaral ng Sensiya at teknolohiya sa Unibersidad ng Hapon, maraming hindi mabibilang na memoriya sa Fukushima. Ako ay naniniwalang ang Fukushima ay "Isla ng Kaligayahan" kung saan ako ay nababagay.

Zhu Yun Fei (mula Tsina, lalake Fukushima City)

Ng maganap ang lindol kinabukasan ay umuwi kaming mag-anak sa Tsina. Ang aking anak na lalake ay nasa magulang ko ngayon. Bumalik na sa dati ang Fukushima ngunit ang aking trabaho at Ibapa. Dati akong coordinator ng mga studenteng mula sa Asia at Fukushima. Gusto kong gumawa ng paraan maibalik ang mga bata sa Fukushima. Sa una ako ay nag-aalala sa epekto ng radiation sa mga bata dahil ibat-ibang opinion ng mga siyensiya. Plano kong umuwi at mag-sama kami ng aking anak balang araw. Sa ngayon ay wala pa akong plano.



Pagiging aktibo ng Fukushima



Ang litate ay itinakda bilang pinalilikas na lugar ng Gobyerno(10/27/2011)

Noong nakaraan Abril 22 ang litate ay itinakda bilang pinalilikas na lugar ng Gobyerno. Hunyo 22 ng ilipat ang administrative office sa lino town. Ito ang litate ngayon na maraming nakabakanteng taniman dahil hindi makapagtanim at karamihan ng mga tindahan ay sarado.



Ang daan sa Minanmi Soma na nanumbalik sa normal(10/27/2011)

Ang Minami Soma ay matatagpuan sa 30kilometers zone mula sa planta ng radiation. Pagkatapos ng pagputok ay inutos ng Gobyerno na manahimik sa loob ng pamamahay at iwasang lumabas. Hindi nabigyan bisa ang kautusan ito nong Setyembre 30. Ngunit ng maala noong 17 Oktubre ay bumalik na sa Haramachi ang mga studyante.



Nagsimula muli ang Pangingisda sa Matsukawa Ura(27/2011)

Maraming buhay ang kinitil ng lindol. Ang Tsunami ay nag-iwan din ng trahedya at ibang sakuna. Subalit sa dami ng tulong na dumating di lamang sa mga Hapon ngunit sa ibang lahi din.



Pagbabago ng pagbasa ng environmental radio activity (mula sa homepage ng Lalawigan ng Fukushima)

Ang mga inpormasyon ayon sa resulta ng sukat ng radiation sa level ng tubig, hangin, at mga tanim na produkto ay mababasa sa lenguwaheng sumusunod, Hapon, Tsina, Tagalog, Koreyano at Portuges.

<http://www.worldvillage.org/>

Unit : $\mu\text{Gy/h} \doteq \mu\text{Sv/h}$ (micro gray/hour \doteq micro sievert/hour)

Lugar ng Sukatan ※1	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	AizuWaka matsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Timog Kanluran About 43km
Normal na halaga ※2	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
Oras ng Pagsulat 2011-11-15 11:00	0.96	0.79	0.41	0.13	0.07	0.41	0.16

※1 Ang mga lokasyon ng sukatan ay sa Kenpoku Welfare Administration Office (parking lot), East Wing of Koriyama municipal government at parking lot ng mga munisipyo sa iba't-ibang lungsod at bayan.

※2 Ang normal na markahan ay resulta noong 2009.

※Ang sukatang kasangkapan sa MinamiSoma ay portable MP. Sa ibang lungsod at bayan ay survey meters ang ginamit.



Inpormasyon

Isang Seminar ukol sa epekto ng Radiation sa ating Kalusugan

Ang seminar ukol sa epekto ng radiation sa ating kalusugan ay gaganapin sa FIA na pamumunuan ni Mr. Noboru Takamura, ang nangangalaga ng epekto sa kalusugan sa Lalawigan ng Fukushima at isa ring propesor sa Unibersidad ng Nagasaki. Ito ay libre ngunit kailangan ding magpalista. Para sa iba pang impormasyon maaring tumawag sa kinaukulan.

Oras at Araw	Lugar	Kapasidad
Disyembre 17(Sabado)ala una hanggang alas tres medya ng hapon	Iwaki Social Welfare (Iwaki City)	100
Disyembre 18(Linggo)ala una hanggang alas tres medya ng hapon	Fukushima Terusa (Fukushima City)	60

Paunawa Kung papaano makakahingi tulong SA pamamagitan ng sariling salita ukol SA kalusugan

Ang Lalawigan ng Fukushima ay nagtatakda ng kalusugang pagsisiyasat upang mamonitor ang kalusugan ng mga mamayan. Maari ninyong idownload ang pagsisiyasat sa salitang Tagalog, English, Tsina, Koreyano, at Hapon.

http://www.worldvillage.org/fia/fhms_e.php

Fukushima Health management survey office, Radiation Medical science center for the Fukushima health management survey, Fukushima Medical University

TEL: 024-549-5130(araw-araw mula alas nuwebe hanggang alas singko ng hapon)

Publisher **Fukushima International Association**

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308 E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>